



ABSTRACT

“Paglibán at Iba Pang Tula” are demonstrations of what defines “paglibán” or “moving across.” The poems attempt to interrogate various navigations (land, sea, river, city) and are an assortment of emotions and insights borne by such journeys. The poems explore these navigations through a mixture of traditional (sestina, diona) and contemporary (free verse, prose poetry) forms while mapping what appears to be disjunct but actually adjunct experiences of a wandering and tentative persona.

For some of the poems, the origin and the horizon are clear (“Paglibán,” “Magaspang na Salin ng Artikulo 429 ng Kodigo Sibil,” “Liwaliw sa Siargao”). However, when the persona reaches the city, their unsettled unease becomes more apparent (“Baclaran,” “Matandang Balara”) but eventually settles in the possibility of rest (“Cubao, Kinabukasan”). In general, the collection not only traverses places and experiences but their concurrent concourse and conflict.

Keywords

crossing, city, places

Paglibán and other poems

- | | |
|---|-------------------|
| 1. <i>Paglibán</i> | 4. Old Balara |
| 2. A Rough Translation of Article 429 of the New Civil Code | 5. Baclaran |
| 3. Wandering Siargao | 6. Cubao, at Dawn |

PAGLIBÁN AT IBA PANG TULA

J. E. INOJOSA



PAGLIBÁN*

Líban pa sa ating kahulugang alam,
hindi pagkukundî ang bawat paglibán.
Ito ay pagtawid ng tao sa daan,
paglipat-tahanan: pagbunot ng tanim
sa kinasanayan dahil kailangan.
Kay Nanay, babalik ang lahat sa lupa.

Ikinasal siya nang dahil sa lupa.
Sa Marinduque raw, kahit walang alam
ang isang dalaga, dahil kailangan,
maipapangako ang kanyang paglibán
sa lupa ng iba. Ang niyog na tanim
ay dapat lukárin. Walang ibang daan.

Kung kaya, inukit ni Nanay ang daan
sa linya ng palad, nagpunla sa lupa
ng binhing sisibol at lalago: tanim
na sama ng loob. Walang nakaalam
ng binalak niyang biglaang paglibán,
pag-iwan sa amin dahil kailangang

pumuntang Mindoro. Walang kailangang
ipaliwanag pa. Ang binigyang-daan
ay dati na ring inukol ng paglibán,
dating kasintahan sa ibayong lupa.
Musmos pa lang kami noon, hindi alam
na kayang palitan ang pagsintang tanim

ng paninibugho, na ang aming tanim
na pag-asá'y hindi naman kailangan
sa kalalaunan. Ito ang di alam
ni Nanay: guguho ang kilalang daan
sa pagpapalíban. Kinalakhang lupa'y
makakamkam dahil sa kanyang paglibán.

**Libán = tawid*



TULA

Buhay na nilúkad nganì ang paglibán.
Sa Lucena namin dadalhin ang tanim
na paghihinakit. Uupa ng lupa,
maghahanapbuhay dahil kailangan.
Kung siya'y uuwi't hahanap ng daan
pabalik, marahil, wala nang aalam.

Lámay ng paglibán ang tangi kong alam:
naluoy na tanim, nabakbak na daan,
bumitak na lupa—dahil kailangan.



MAGASPANG NA SALIN NG ARTIKULO 429 NG BAGONG KODIGO SIBIL

- : Ang may-ari o legal na may-angkin ng isang bagay ay may karapatang ipagkait sa sinuman ang pagtamasa o pagkaloob nito. Sa ganang ito, maaari siyang gumamit ng naaayong dahas na kailangan at makatwiran upang itaboy o pigilan ang banta o ganap na pisikal na panghihimasok o pagkamkam ng kaniyang ari-arian.
- : Ang may hawak ng titulo o may salapi upang igiit na kaniya ang isang bagay ay may kapangyarihang ipagkait ito sa sinumang tumatamasa o pinagkalooban nito. Dahil dito, maaari niyang parusahan sa pamamagitan ng marahas na pagtaboy o pagpigil, ayon sa pangangailangan at katwiran, ang banta o ganap na pagsagabal ng karibal sa itinuturing na ari-arian.
- : Ang bayaw ni Lola na pinagkatiwalaang bantayan ang lupa ay inaring karapatan ang pag-angkin dito. Ipinagkait niya sa sinuman ang pagtamasa nito. Sa kaniya umano ito ikinaloob ni Lola. Mula rito, ipinataw niyang parusa ang marahas na pagtaboy kina Ina sa kanilang ari-arian. Ang dahilan umano’y pangangailangan. Ang pruwera raw ay pawang katwiran.
- : Ang aking Ina na minsang umuwi ng probinsiya ay pinagkaitan ng karapatang matamasa ang kaloob ni Lolo sa lupang kanila. Bukod dito, higit pa’t marahas ang walang imik na pagtaboy sa kanila ng kaniyang mga pinsan. Itinuring ang kaniyang pag-uwi bilang bantang panghihimasok, ganap na pagkamkam. Hindi na siya kailangan pang pagsabihan. “Hindi na babalik,” kaniyang katwiran.
- : Kapiling ko na si Ina sa Kyusi. May sariling silid sa mataas na gusali. Kaloob sa kaniya ang karapatang mamuhay nang mariwasa. Ngunit may nais pang matamasa. Minsa’y nahuhuli ko siyang nakatanghod sa balkonahe ng condo. Tinatanaw ang isang islang malayo. Ang tunay na marahas na parusa’y itaboy ang sarili palayo. Abot-tanaw ang inaring lantay na haraya.



TULA

LIWALIW SA SIARGAO

Nakatanghod ako sa rabaw ng dagat,
anino ng ulo't balikat ay tanaw:

lulan ng buhangi't korales. Ang linaw
ng lahat sa talas ng sinag ng araw.

Makailang-saglit bago mamalayang
nababasag itong bubog na larawan

ng padalaw-dalaw na patak. Busilak
na bughaw ang langit, walang panganorin.

Nasanay na ako sa pananalamin
tuwing namamangka. Dati, sa Lucena,

sa aking pagbaybay—Ilog Dumacaa,
Cotta hanggang Barra—nahagip ng tingin

ang maamong mukha at walang babala,
kapiling ng bula ang kilalang parang:

amorsekong-ligaw, talim ng talahib;
pawisang likuran, kilikili't dibdib.

Sumapit ang bangka sa pinagsangahan
ng dalawang ilog: Dumacaa't Iyam.

Ang pag-alala ko'y dito humahanggan,
may wangis sa tubig na minsang hinagkan.



MATANDANG BALARA

Kung hanggang ngayo'y nagtataka ka pa
 kung paano ko nagagawang bumangon mula
sa pagdududa, marahil hindi pa sapat ang mga simbahan
 kung saan kita inimbita. *Ipinagdasal kita*, ito muna.
Idinulog ko ang piniling buhay, pagsasalong-bahay, ang bunga
 kung malaman mong hindi harang ang turing sa dingding
na pagitan ng ating magkadikit na silid kung hindi, isang buklod,
 kung hindi, isang tulay. Tulad ng kalsadang bumabaybay
sa avenida ng Katipunan at Luzon, na kung tatawiri'y maiisip
 kung paanong ilog ang kahabaan ng Commonwealth,
kasinlapot ng tubig sa ilog Pasig. Hindi ba kakatwa ang bawat daan,
 kung paano tayo inaagos, binabanlawan? Tulad ng liwanag
ng humihiwang umaga at ang bitbit nitong lihim na mga patalim,
 kung kailan magigising, mauulinigan ang impit na halinghing
ninyo ng iyong kasiping. Marahan kong ipipinid ang mga bintana
 kung sakaling magbiro ang hangin at ipaalam ang aking
pakikinig. Minsan din tayong nagniig. Kung kaya't pinid ang dibdib,
 kung sakaling makutuban ninyo ang aking panginingig.
Ang sabi mo sa akin noon, *alam kong hindi mo ako ipapahamak*.
 Kung kaya, bumalik ako sa pananalig, naging deboto
ng Poong Nazareno (umay na siguro sa pagdaing ko). May aleng
 kung nasa simbahan ay waring lumulutang sa tubig: tuhod
ang pansagwan, panalangin ang timbulan. Gaya ng sa sinapupunan,
 kung saan wala tayong nakikita, sumisibol na lamang sa atin
ang paniniwala. Na may mga hindi na kailangang ipagsimba.
 Kung bakit ngayo'y nagtataka ka pa.



TULA

BACLARAN

Pinapangalanan tayo ng lungsod, maya't mayang ipinamumukha
ang kakapusan ng ating mga dila. Kung paanong wala tayong salita
sa paghuhunyang ng dating saganang bukana ng look ng Maynila,
tanaw ang tabi-tabing baklad na panghuli ng isda,
hanggang maging tagpuan ng pasahero't pasakalye, dulong estasyon
ng LRT, lunan ng sala-salaping pananampalataya, tarangkahan ng paluwas,
pakanlong sa paliparan. Layas. Nililikas natin ang tanikalang tayo rin ang may gawa.
Gumaganti sa humaling ng mga gusali't bitbit nitong mga pangako.
Nagbabaka-sakaling tuwing nanlalapot na sa estero ng pagkayamot
Sa buhay-komyuter, *helpless onlooker*, pagbababad sa kompyuter,
makahihingi ng saklolo. Dadagsain ang mga dambana. Alibugha. Ngangawa
sa harap ng Ina ng Biglang Awa. Hahawiin ang baha ng pekeng sapatos, murang
kolorete at manipis na salawal upang magkunwaring naniniwala, magkunwaring umaasang
may magagawa ang paninikuhod: na humimpil sa pag-urong ang pampang,
na hindi malunod ng sasakyan ang mga lansangan. Saka mag-aantanda.
Magsisindi ng sari-saring kandila. Mamamanata.
Mangangakong hindi na magkakasala. Samantala, inuuban pa rin
ang papawirin sa usok ng tambutsot pabrika sa hangin. Kuko'y nangingitim
sa alikabok sa kakukutkot ng rosaryo. Batid ng lungsod: tayo'y deboto ng kanto.
Ng mga highway at diversion. Ng mga flyover at intersection. Ng inangalay natin
ang mga leeg sa paniningala, sa kaka-Siya Nawa sa mga santong paspas,
diyakonong lagas. Hudas. Barabas. Caiaphas. Lumilipas
ang lahat maliban sa ating pangngilala sa sarili't paghihilamos-libag.
May dagat sa harap ng simbahan na naaalala kapag ayaw paawat ng alinsangan.
Ngunit isinusumpa pa rin natin ang pagdating ng ulan—dito sa lungsod kung saan
tayo ang pinapangalanan. Tayo ang salarin kung bakit walang rabaw kung saan
makapananalamin. Hindi natin mamalas ang sarili kahit sa pananalangin.





CUBAO, KINABUKASAN

Araw ay sumisikat.
Binti kong namulikat,
sampay sa 'yong balikat.

